



Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Silangang Mindoro
BAYAN NG ROXAS

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPU SA KATITIKAN NG IKA-30 REGULAR NA PAGSUSULIT NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 20 AGOSTO 2000, IKA-25 NG LIMAGA SA HULI WAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Gonzalo C. Sifal, Jr.
Konsehal Jesus S. Dela Cruz
Konsehal Cesar T. Balboa
Konsehal Ramil O. Dimapilis
Konsehal Juanito A. Ducay, Jr.
Konsehal Eduardo K. Soriano
Konsehal Juan S. Advincula
Konsehal Angeles D. Baulista
Konsehal Mae Arlene M. Talens
Konsehal Eduardo G. Villamin

Tagapangulo

- Pangulo, Liga ng mga Barangay

Hindi Nakadalo:

Konsehal Randy P. Valencia

- Pangulo, Sangguniang Kabataan

KAPASYAHAN BLG. 091
Taong 2000

KAPASYAHANG MAPITAGANG HUMIHILING SA FERTILIZER AND PESTICIDE AUTHORITY UPANG IPAGDAWAL ANG PAGGAWA AT PAGBEBENTA NG FURADAN 5G AT FURADAN 3G. ISANG URI NG PESTISIDYONG PANG-AGRIKULTURA.

- SAPAGKAT** ang bayan ng Roxas, Silangang Mindoro ay isang pamayanang agrikultural kung saan ang mga produktong bigas, prutas at gulay ang nagbibigay ng malaking kita sa mga magsasaka at nagsisilbing daan upang umunlad at maitaas ang uri ng pamumuhay ng mga mamamayan.
- SAPAGKAT** isa sa malaking tulong sa mga magsasaka upang maparami at mapabuti ang ani ay ang paggamit ng mga pestisidyo upang maiabanan at malwasan ang peste lalo na ng mga palay.
- SAPAGKAT** sa mga pestisidyong ginagamit ngayon sa bayan ng Roxas, Silangang Mindoro, ang FURADAN 5G at FURADAN 3G ay nasubukang hiwal ang masamang epekto direkta man o indirekta sa mga tanim na palay, sa mga karatig halaman, sa mga hayop tulad ng kalabaw, baka, sa mga isdang palayan at ilog gayundin sa mga insektong nakatutulong sa mga halaman.
- SAPAGKAT** ang FURADAN 5G at FURADAN 3G kapag nalsaboy sa tanim ay nanunuot hanggang lupa kaya ang bisa ay tumatagal at ito ay nasisipsip ng halamang

kinakain ng tao at gayon din ang nag-aaplay ay nalalagay sa panganib dahil sa bagsik ng kemikal nito;

SAPAGKAT marami nang mga kaso sa bayang ito sa paggamit ng nasabing mga pestisidyo na nakitang lubhang nakapipinsala sa tao, sa hayop at sa mga palay na direktang naaplayan ng pestisidyo;

SAPAGKAT napagkaisahan ng Sangguniang Bayang ito batay na in sa mga karalangan ipinahati ng mga magsasaka na hilingin sa Fertilizer and Pesticide Authority upang ipagbawal ang paggawa at pagbebenta ng FURADAN 5G at FURADAN 3G, isang uri ng pestisidyong pang-agrikultura na masama ang naging epekto sa pamayanang ito batay sa karanasan ng mga gumagamit,

DAHIL DITO sa mungkahi ni Konsehal Eduardo G. Villamin na sinang ayonon ng lahat -


IPINASYA tulad ng pagpapasiyang ito na mapitagang hilingin sa Fertilizer and Pesticide Authority upang ipagbawal ang paggawa at pagbebenta ng FURADAN 5G at FURADAN 3G, isang uri ng pestisidyong pang-agrikultura

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito kay Kgg. Carlito R. Gicana, Deputy Executive Director, Fertilizer and Pesticide Authority, 4th Floor, Bldg. B, NAI Complex, EDSA Quezon City para sa kanilang kaalaman at maagap na pag-aksyon.


IPINASYA PA RIN na padalhan ng sipi ng kapasyahang ito ang Bureau of Agricultural Research, DA Bldg., Diliman, Quezon City para sa kanilang sanggunian at kinakailangang aksyon gayundin sa lahat ng mga Sangguniang Bayan sa Silangang Mindoro sa Gitnang Luzon para sa kanilang suporta sa kapasyahang ito.

Pinagtibay ng lahat. Agosto 28, 2000

PINATUTUNAYANG WASTO:


VIOLETA D. FUENTES
Kalihim ng Sanggunian

PINATITIBAYAN:


GONZALO C. SINEL, JR.
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo

PINACTIBAY:


JESUS M. DIMAPILIS
Punong Bayan